The Facts.

Statewide Specialist Clinical Consultation Service

A service provided by the Queensland Transcultural Mental Health Centre

Consumer information sheet (Tagalog)

Sentro Ng Pangkaisipang Kalusugan Para Sa Lahat Ng Kultura Sa Qld

Serbisyo Sa Pangklinikang Konsultasyon Para Sa Lahat Ng Kultura

Pangkliyenteng Pahina Ng Impormasyon

Nakilala mo na ang isang **Dalubwikang Konsultant sa Pangkaisipang Kalusugan** (Bilingual Mental Health Consultant) (BMHC) ng Serbisyo sa Pangklinikang Konsultasyon para sa Lahat ng Kultura (Transcultural Clinical Consultation Service).

Ang pangalan ng iyong Dalubwikang Konsultant sa Pangkaisipang Kalusugan ay: _____

Ang Serbisyo sa Pangklinikang Konsultasyon para sa Lahat ng Kultura (Transcultural Clinical Consultation Service) ay nagbibigay ng mga sumusunod na mga serbisyo sa pamamagitan ng mga Dalubwikang Konsultant sa Pangkaisipang Kalusugan:

- Mga pagsusuring nababagay ayon sa kultura
- Pagpapaliwanag ng mga pangkulturang mga suliranin na may kinalaman sa iyong pangkaisipang kalusugan na suliranin.
- Tulong sa pagbuo o pagrepaso ng iyong plano sa pansariling pag-aalaga.
- Maikling panahong tulong sa iyo at sa iyong tagapag-alaga, katulad ng impormasyon at edukasyon tungkol sa iyong pangkaisipang kalusugan na suliranin.

Ang Iyong Mga Karapatan

Ikaw ay may karapatan na:

- Gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangkalusugang pag-aalaga.
- Tumanggap ng propesyonal na tulong nang walang diskriminasyon dahil sa iyong kultura, gulang, panlipunang katayuan, kasarian, seksual na pagkiling, relihiyon, o pampulitikang mga paniniwala.
- Hilingin na ang iyong kalagayan, o karamdaman at mga plano para sa pamamahala ay ipaliwanag sa mga salitang iyong mauunawaan.
- Magkaroon ng isang suportang tao (kaibigan, kamag-anak, suportang tauhan) na kasangkot sa lahat ng mga bahagi ng iyong pag-aalaga.
- Ang iyong pag-iisa o pribasia at kumpidensyalidad ay igalang.
- Humiling o alukin ng isang interprete o tagasalin sa wika kung kailangan.
- Maglagak ng reklamo tungkol sa anumang bahagi ng iyong pag-aalaga kung ikaw ay hindi nasisiyahan.

Ang iyong mga Pananagutan

Ikaw ay hinihikayat na makipagtulungan sa isang pangkaisipang kalusugan na propesyonal at suportahan ang iyong sariling pangkalusugang pag-aalaga sa pamamagitan ng:

- Pagsagot sa mga tanong tungkol sa iyong kalusugan nang tapatan hangga't maaari.
- Pagpunta o pagtupad sa mga tipanan o appointment at ipaalam sa iyong pangkalusugang tauhan kung ikaw ay hindi makapupunta sa iyong tipanan o appointment.
- Pagsunod sa mga paggamot o pamamahala na iyong sinang-ayunan at pagsasabi sa iyong pangkalusugang tauhan kung ikaw ay magpasiyang hindi ipagpatuloy ang iyong paggamot.
- Pagsasabi sa iyong pangkalusugang tagapag-alaga kung ikaw ay nakikipag-kita sa iba pang pangkalusugang tagapag-alaga tungkol sa parehong problema.

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o kung gusto mong pag-usapan ang iyong mga alalahanin o maglagak ng reklamo, paki tawagan ang Tagapag-ugnay ng Pangklinikang mga Serbisyo o ang Tagapamahala sa Sentro ng Pangkaisipang Kalusugan para sa Lahat ng Kultura sa Queensland sa (07) 3167-8333 o 1800 188 189 (libre ang tawag sa labas ng Brisbane Metro) o ikaw ay maaaring magpadala ng email sa TCCS@health.qld.gov.au

Kung ikaw ay hindi makapagsalita sa Ingles, paki tawagan ang 131450 upang humiling ng isang tagasalin sa wika o interprete sa iyong wika at hilingin na ikaw ay ikunekta sa (07) 3167-8333 (ang halaga o gastos sa inteprete ay babayaran ng Sentro).